

Ulat sa 18 Buwang Performance Contract (PC) ng Inland Regional Center (IRC) para sa 2023-2024



Pangkalahatang-ideya

Nag-uugnay at naghahatid ang Department of Developmental Services (DDS) ng mga serbisyo para sa mga Californian na may mga kapansanan sa paglaki sa pamamagitan ng isang pambuong estadong network ng 21 non-profit na ahensyang nakabatay sa komunidad na kilala bilang mga Regional Center. Ang bawat Regional Center ay nagbibigay ng mga pagsusuri, tumutukoy ng pagiging kwalipikado sa serbisyo, at nag-aalok ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso. Ganoong ahensya ang Inland Regional Center (IRC).

Mga Timeline at Aktibidad

- **Disyembre 15, 2022:** Isinumite ng IRC ang (18 buwang) Performance Contract para sa taong 2023-2024 sa DDS.
 - [Performance-Contract-2023-Signed.pdf \(inlandrc.org\)](#)

Badyet at Pagpopondo

Nakatanggap ang IRC ng pagpopondo mula sa DDS, na kilala bilang alokasyon o badyet ng kontrata. May dalawang pangunahing kategorya ang badyet na ito:

1. **Mga Pagpapatakbo:** Saklaw nito ang mga suweldo ng empleyado, benepisyo, at gastusin sa pagpapatakbo, na bumubuo sa tinatayang 11.6% ng kabuuang badyet.
2. **Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service, POS):** Saklaw nito ang mga serbisyo at suporta para sa mga kwalipikadong kliyente, na bumubuo sa humigit-kumulang 88.4% ng badyet.

Tandaan:

- Mahigpit na nakalaan ang dalawang badyet na ito, ibig sabihin, ang mga pondo mula sa isang kategorya ay hindi puwedeng gamitin para dagdagan ang isa pang kategorya.

Mga Hakbang at Aksyon

Tumuon ang IRC sa ilang pangunahing hakbang at aksyon sa pampublikong patakaran para makamit ang mga layunin nito:

1. Mga Pagkakaiba sa Mga Serbisyo/ Access sa Serbisyo ayon sa Etnisidad at Edad:

- Sinuri ang data ng POS para tukuyin ang mga lugar na daragdagan ng mga serbisyo para sa mga populasyong hindi sapat na napaglilingkuran.
- Nakipagtulungan sa mga Organisasyong Nakabatay sa Komunidad (Community-Based Organizations, CBO) para madagdagan ang access sa mga serbisyo.
- Sinubaybayan ang mga kliyenteng may mababa o walang POS sa pamamagitan ng Pinahusay na Pag-uugnay ng Serbisyo.
- Nagsagawa ng mga focus group kaugnay ng POS.
- Dumalo sa Grassroots Day sa Sacramento.
- Naglunsad ng mga Espesyal na Unit ng Preschool para sa mga Batang 3-6 na taong gulang
- Nakipagtulungan sa iba't ibang komite at organisasyon para mapahusay ang pangkulturang kagalingan at outreach.
- Binigyan ang mga tauhan ng pagsasanay sa pangkulturang kagalingan gaya ng iniatas ng DDS
- Nagsagawa ng pagsasanay sa Hindi Nababatid na Bias para sa mga tauhan gaya ng iniatas ng DDS.
- Ang pagpopondo sa Access sa Wika at Pangkulturang Kagalingan (Language Access and Cultural Competency, LACC) mula sa DDS ay pinahusay ang pag-unawa sa mga pagkakaiba sa POS habang nakikipag-ugnayan sa mga mas mababang socio-economic na komunidad at tinutukoy ang mga madalang na wika, kabilang ang Arabic, Mandarin/Chinese, Vietnamese, at Tagalog. Bukod pa rito, ginamit ang pagpopondo sa LACC para makipag-ugnayan sa mga Spanish lang ang sinasalita, kliyente ng Deaf Plus, at magulang ng mga kliyenteng bingi.

Gumagamit ang IRC ng mga blog, social media, at iba't iba pang platform para makipag-ugnayan sa at paglilingkuran ang lahat ng komunidad sa aming catchment area. Nilalayan ng IRC na magbigay ng napapanahon at tumpak na impormasyon, maghikayat ng

pakikipag-ugnayan sa komunidad, at magsulong ng transparency sa aming mga pagpapatakbo at pamamahagi ng POS. Nilalayan ng mga blog na ibinahagi sa ulat na ito na bigyan ng impormasyon, turuan, at suportahan ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa kaisipan at paglaki, kanilang mga pamilya, at mga tagapag-alaga. [Blog | Inland Regional Center \(inlandrc.org\)](#)

2. Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Kaso:

- Tumuon sa pag-unawa kung bakit ang ilang kliyente ay nakatanggap lang ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso at kung paano ito tutugunan.
- Nakipagtulungan sa mga lokal na departamento ng pulisya at mga pangkat para sa interbensyon sa krisis para suportahan ang mga kliyenteng walang dinadaluhang programa.

3. Suporta sa Trabaho:

- Sinuri ang data ng POS para matukoy ang mga kliyenteng lumalahok sa mailalabang naka-integrate na pagtatrabaho.
- Nagbigay ng outreach at pagtuturo sa komunidad tungkol sa mga oportunidad sa trabaho.
- Lumahok sa mga job fair at employment fair para magsulong ng mga oportunidad para sa mga kliyente.
- Sinuportahan ang mailalabang naka-integrate na pagtatrabaho para sa mga kliyente sa pamamagitan ng mga Programa sa Binabayaranang Internship.
- Nagbigay ng pagsasanay sa mga coordinator ng serbisyo tungkol sa mga opsyon sa trabaho at sinuri ang mga opsyong ito taon-taon sa panahon ng pagpapalano ng IPP.
- Nagtampok ang SAE Conference sa taong 2023 ng isang breakout session tungkol sa Pagtatrabaho ng Kliyente
- Dumalo sa 50 event ang Espesyalista sa Trabaho ng IRC (Enero 2023 - Mayo 2024)

17 pagpupulong kaugnay ng mga Lokal na Kasunduan sa Pakikipagtulungan (Local Partnership Agreements, LPA)

22 Presentasyon

11 Talahanayan ng Resource

- Para matignan ang taunang data ng trabaho, mag-click dito [Ulat sa Pagtatapos ng Taon ng IRC](#)

4. Naninirahan nang Mag-isa/Mga Setting ng Tahanan para sa Mga Nasa Hustong Gulang/Naninirahan kasama ng Mga Pamilya:

- Bumuo at nagbigay ng mga serbisyo para suportahan ang pagiging independent ng mga kliyente.
- Tinulungan ang mga pamilya na makakuha ng mga kinakailangang serbisyo, tulad ng mga serbisyo sa tahanan, pagpapahinga, interbensyon sa pag-uugali, at mga serbisyo sa krisis.
- Nagbigay ng pagsasanay para sa mga pamilya para pamahalaan ang mga pag-uugaling humahadlang sa kakayahan ng isang bata na makipag-ugnayan sa pamilya at komunidad.
- Sa pamamagitan ng LACC, bumuo ang IRC ng pagsasanay at suporta para sa magulang na batay sa grupo na iniakma para sa mga pamilya mula sa mga partikular na etnikong komunidad.
- Bumuo ng mga online na resource para suportahan ang pagtatrabaho ng kliyente at access sa serbisyo.
- Bumuo at nagbigay ng mga serbisyo para suportahan ang pagiging independent ng mga kliyente sa mga mala-tahanang setting.
- Sinubaybayan at sinuportahan ang mga kapaligirang tinitirhan para matiyak ang kaligtasan at makapagbigay ng mga kinakailangang serbisyo.

5. Mga Pasilidad na Naglilingkod sa Mahigit Anim na Tao:

- Nakatuon sa pagbibigay ng suporta sa mga pasilidad ng mga sub-acute na bata.
- Nagsagawa ng mga may maraming disiplinang pagsusuri ng mga paglalagay sa mas malalaking tahanan para matiyak ang naaangkop na pangangalaga.
- Para matignan ang taunang data ng pamahayan, mag-click dito [Ulat sa Pagtatapos ng Taon ng IRC](#)

6. Mga Hakbang sa Pagsunod-

Natugunan ng IRC ang ilang hakbang sa pagsunod, kabilang ang:

- Napapanahong pagkumpleto ng mga hiwalay na pag-audit.

- Pagsunod sa mga pag-audit sa pananalapi ng DDS.
- Pagpapatakbo nang hindi lampas sa badyet sa Mga Pagpapatakbo.
- Sertipikasyon para lumahok sa Waiver ng Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad.
- Lubos na pagsunod sa pag-audit sa vendor.
- Pagpapanatili sa mga kasalukuyang code ng status ng CDER/EST.
- Pagtugon sa mga timeline ng pag-intake at pagsusuri para sa mga kliyente, anuman ang kanilang edad- ***Hindi natugunan.***
 - Kinikilala ng IRC na lampas kami sa mga pamantayang timeline ng pag-intake at pagsusuri. Sa nakalipas na buwan, nagtalaga ng bagong pamunuan para sa programa at nagpatupad ng bagong proseso ng pagiging kwalipikado/muling pagiging kwalipikado, na nagsimula noong Setyembre 1, 2024. Susuriin namin ang pag-usad sa mga susunod na buwan at tutuklasin kung paano isasama ang nakabinbing may pamantayang proseso sa pag-intake ng DDS. Nilalayon naming mabawasan nang husto ang mga oras ng pagtugon ng IRC para sa mga pag-intake at pagsusuri. Bukod pa rito, susuriin namin ang pangangailangan para sa mas maraming tauhan at tutuklasin namin ang mga paraan para magamit ang teknolohiya para pasimplehin ang mga proseso.
- Pagtiyak na ang pagbuo ng IPP at IFSP ay nakatugon sa mga kinakailangan ng WIC at Title 17.
- Para matingnan ang mga hakbang sa pagsunod, mag-click dito [Ulat sa Pagtatapos ng Taon ng IRC](#)

Ipinakita ng ulat sa performance contract na ito ang pagtuon ng IRC sa pagpapahusay ng access sa serbisyo, na sinusuportahan ang pagiging independent ng kliyente, at naghihikayat ng pakikipag-ugnayan sa komunidad habang tinitiyak ang pagsunod sa mga regulasyon ng estado at responsibilidad sa pananalapi.

Pagpupulong sa Opinyon ng Publiko Nobyembre 4, 2024, 4 PM.

Inanunsyo ng team ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang Pagpupulong sa Opinyon ng Publiko, na nakaiskedyul sa Nobyembre 4, 2024, noong Hulyo 30, 2024, sa pamamagitan ng kalendaryo ng mga event ng inlandrc.org, at ibinahagi ito sa mga social media platform mula Agosto hanggang Nobyembre. Nag-post din ng opisyal na anunsiyo sa page na inlandrc.org/announcements noong Oktubre 4, 2024.

[Sesyon ng Pakikinig sa 18 Buwang Performance Contract 2023/2024 | Inland Regional Center \(inlandrc.org\)](#)

[Espesyal na Pagpupulong ng Lupon ng Mga Katiwala/18 Buwang Performance Contract 2023/2024 | Inland Regional Center](#)

Feedback ng publiko na natanggap tungkol sa 18 Buwang PC noong Nobyembre 4, 2024: Walang natanggap.

Kasama sa mga dumalo ang Lupon ng Mga Katiwala ng IRC, Tagapangasiwa ng Programa para sa Mga Serbisyo ng Mga Bata (Riverside), Tagapangasiwa ng Programa para sa Pakikipag-ugnayan at Pagsasanay sa Komunidad, Direktor na Tagapagpaganap, Direktor ng Mga Serbisyo sa Komunidad, **Direktor ng Mga Serbisyo sa Komunidad**, Direktor ng Impormasyon at Teknolohiya, Direktor ng Mga Serbisyo sa Transisyon, Direktor ng Mga Serbisyo sa Nasa Hustong Gulang, Tagapamahala ng Programa para sa Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo, Tagapamahala ng Programa para sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad, Espesyalista sa Kultura, Espesyalista sa Bingi at Mahina ang Pandinig, at Espesyalista sa Access sa Wika at Pangkulturang Kagalingan.

Mga magulang o kliyente ng IRC na dumalo: 2

Mga karagdagang dumalo:

- Vendor: 24 HR Homecare
- Organisasyong Nakabatay sa Komunidad: Autism Society Inland Empire

Data ng Survey: Gumawa at nag-market ang team ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad at Access at Pagkakapantay-pantay sa Serbisyo ng Survey para sa Performance Contract (PC) sa English, Spanish, ASL, Arabic, Mandarin/Chinese, Tagalog, at Vietnamese. Aktibo ang survey na ito mula 9/3/2024 hanggang 10/3/2024. Na-promote ito sa social media, sa seksyong blog ng inlandrc.org, at isinama ito sa kalendaryo ng mga event. Sa kasamaang palad, walang nakolektang data sa panahong ito.